7

# ARALING PANLIPUNAN

## 3 - Markahan , Linggo 1 - 4



SCHOOLS DIVISION `OF DINAGAT ISLANDS

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan 7**
**Ikatlong Kwarter – Mga Gawain sa Pagkatuto**
**Unang Set**
**Unang Edisyon, 2020**

**Republic Act 8293**, **section 176** states that: No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit. Such agency or office may, among other things, impose as a condition the payment of royalties.

Borrowed materials (i.e., songs, stories, poems, pictures, photos, brand names, trademarks, etc.) included in this book are owned by their respective copyright holders. Every effort has been exerted to locate and seek permission to use these materials from their respective copyright owners. The publisher and authors do not represent nor claim ownership over them.

Published by Schools Division of Dinagat Islands

**Development Team of the Learning Activity Sheets**

**Writers:** Marilou M. Flores
Carsten E. Piodo
**Editor:** Christopher D. Balatero
Merlinda T. Japay
Prescilla P. Capisnon
Rhey G. Eder
**Reviewers:**
**Layout Artist:** Jubell Cababat
Jay S. Mateo
Kevin L. Madera
**Management Team:**

| | |
|---|---|
| Schools Division Superintendent | FELISA G. LARANJO, PhD, CESO VI |
| OIC, Assistant Schools Division Superintendent | LEONEVEE V. SILVOSA, PhD |
| Chief Education Supervisor, SGOD | MILA O. GERALDINO, PhD |
| Chief Education Supervisor, CID | LOPE C. PAPELERAS, PhD |
| Education Program Supervisor, Aral.Pan. | JUAN JR L. ESPINA |
| Education Program Supervisor, LRMS | MICHAEL C. PASO, PhD |
| Project Development Officer II | |
| SDO Librarian II | NARMIE S. NAVAS |

**Printed in the Philippines by ______________________________**

| | |
|---|---|
| Department of Education – | Learning Resource Management Section |
| Office Address: | White Beach, Dinagat, Dinagat Islands |
| E-mail Address: | sample@gmail.com, lrms.dinagatislands.caraga@deped.gov.ph |
| Telephone no.: | # |

| | |
|---|---|
| **Linggo 1** | **Nasusuri ang mga dahilan, paraan at epekto ng kolonyalismo at Imperyalismo ng mga Kanluranin sa unang yugto(ika-16 at ika-17 siglo) pagdating nila sa kanlurang asya.** |

Pangalan____________________________Pangkat:__________________________



## *Panimula*

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto (**Learning Activity Sheets – LAS**) ay disenyo at sinulat para sa batang katulad mo na nasa ika-7 baitang upang masusuri ang kalagayan at bahaging ginagampanan ng kababaihan mula sa sinaunang kabihasnan at ikalabing-anim na siglo. Ang mga gawaing matatagpuan dito ay inaasahang makatutulong sa iyo upang mahasa ang iyong kaisipan sa mga sinaunang kababaihan.

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto ay naglalaman tungkol sa:

**Aralin 1**: Nasusuri ang mga dahilan, paraan at epekto ng kolonyalismo at imperyalismo ng mga Kanluranin sa unang yugto (ika-16 at ika-17 siglo) pagdating nila sa Timog at kanlurang asya.

Pagkatapos ng mga gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

1. Nakapagbigay ng mga dahilan, paraan at epekto na nagbunsod sa mga kanluranin na magtungo sa Asya.
2. Makapagtala ng mga bansang Europeo na nanakop at mga bansang kanilang nasakop.
3. Makapaghambing tungkol sa Kolonyalismo at Imperyalismo



# *Panimulang Pagtataya*

Panuto: Basahin ng Mabuti ang bawat tanong, maaring bilogan lamang ang tamang sagot sa bawat aytem.

1. Ang mga nabanggit ay mga pangunahing rutang pangkalakalan sa asya, maliban sa?

   A. Ang hilagang ruta, na nagsisimula sa China at tatawid sa lungsod ng Samarkand at Bokhara.
   B. Ang rutang nagsisimula sa Pilipinas patungong tawi-tawi.
   C. Ang gitnang ruta, na papunta sa baybayin ng Syria at dadaan sa Golpo ng Persia, at
   D. Timog Ruta na maglalayag mula sa India babagtasin ang karagatang Indian hanggang sa makarating ng Egypt sa pamamagitan ng Red Sea.

2. Ano ang pangunahing batayan upang masasabing mayaman at makapangyarihan ang isang bansa?
   A. Malawak na kalupaan
   B. Pagkakaroon ng maraming ginto at Pilak
   C. Pagkakaroon ng maraming kalakal
   D. Lahat ng nabanggit.

3. Ano ang dalawang bansa ang nanguna upang maghanap ng maraming rutang pangkalakalan?
   A. Pilipinas at China
   B. Portugal at Spain
   C. Spain at Japan
   D.Portugal at Europa

4. Alin sa mga bansang ito ang nasakop ng bansang France?
   A. Quebec at India
   B. China at Muscat
   C. Canada at Brazil
   D. Cambodia at Laos

5. Ano ang dahilan at hindi agad nasakop ang kanluraning asya sa mga bansang nagnanais na sumakopnito?

   A. Dahil sa panahong ito pinaghaharian pa ito ng napakalakas na Imperyong Ottoman, at ipinagtibay ng pagkakaisa dahil sa relihiyong Islam na pinalaganap nito sa rehiyon.
   B. Dahil sa mahina ang pwersang nagnanais na sumakop nito kaya hindi sila nagtagumapay agad.
   C. Dahil sa matibay ang Haring namumuno sa kanluraning asya
   D. Dahil nanaig ang kaisipang merkantilismo, at silay nagpapaligsahan sa pag anggat ng kanilang bansa.



# *Pagsusuri sa Teksto*

**Alamin**

Kolonyalismo nagmula sa salitang Latin na colonos na ang ibig sabihin ay Magsasaka. Ito ay patakaran ng isang bansa na mamamahala ng mga sinakop upang magamit ang likas na yaman ng mga sinakop para sa sariling interes. Ang tuwirang pananakop ng isang bansa sa iba pa upang mapagsamatalahan ang yaman nito o makuha rito ang iba pang pangngailangan ng mananakop. Madalas na naihahalintulad sa Imperyalismo ngunit ang dalawa ay magpagkakaiba. “ maaring magsilbing baseng pangkalakal o pangmilitar ang kolonya”Mayroon din itong gamit sa paglalakbay ng mga tao sa ating bayan.

Imperyalismo nagmula sa salitang latin na imperium na ang ibig sabihin ay Command. Isang salitang latin na nagsimulang gamitin sa panahon ng pananakop ng Imperyong Roma. Ang batas o paraan ng pamamahala kung saan ang malalaki o makapangyarihang mga bansa ang naghahangad upang palawakin ang kanilang kapangyarihan sa pamamagitan ng pagsakop o paglulunsad ng mga pagtaban o kontrol na pangkabuhayan at pampolitiko sa ibabaw ng ibang mga bansa. Ilang malalaki o malalakas na mga bansang kumukontrol sa ibang mga rehiyon upang maklikha ng isang mas malaking imperyo.

**UNANG YUGTO NG KOLONYALISMO AT IMPERYALISMO SA TIMOG AT KANLURANG ASYA (16-17 SIGLO)**

Bago ang pagtuklas at pananakop may ugnayan ng nagaganap sa mga Europeo at mga asyano. Nagsimula ang ugnayang ito sa pamamagitan ng palitan ng kalakal sa Asyano at Europeong mangangalakal. Ang pinakatagpuan nila ay naganap sa tatlong pangunahing ruta ng kalakalan sa asya. Una, ang hilagang ruta, na nagsisimula sa China at tatawid sa lungsod ng Samarkand at Bokhara. Pangalawa, ang gitnang ruta, na papunta sa baybayin ng Syria at dadaan sa Golpo ng Persia, at ang huli ay nag Timog Ruta na maglalayag mula sa India babagtasin ang karagatang Indian hanggang sa makarating ng Egypt sa pamamagitan ng Red Sea.

**Mga Dahilan na Nagbunsod sa mga Kanluranin na Magtungo sa Asya**

**Mga Krusada** na naganap mula 1096 hanggang 1273. Ang mga Krusada ay isang kilusan na inilunsad ng simbahan at ng mga Kristiyanong hari upang mabawi ang banal na lugar, ang Jerusalem sa Israel.

- ang nagpasigla ng kalakalan sa pagitan ng Europa at Asya.
- ito din ang naging daan para magkainteres ang malalaking bansa sa Europa na sakupin ang ilang lugar o bansa sa Asya.

**Paglalakbay ni Marco Polo** na isang Italyanong adbenturerong mangangalakal na taga-Venice. Sa panahong ito, siya ay nagsilbing tagapayo ni Emperador Kublai Khan. Siya ay itinalagang maglakbay sa iba't Ibang lugar sa asya sa ngalan ng emperador. Noong 1295 bumalik siya sa Italy at inilimbag ang aklat na "The Travels of Marco Polo (!477)

**Renaissance** na nagpasimula sa Italya na naganap noong 1350. Isa itong kilusang pilosopikal na makasining at ditto binigyang-diin ang pagbabalik-interes sa mga kaalamang klasikal sa Greece at Rome.

- ang pangunahing interes ay labas sa saklaw ng relihiyon.
- salitang Pranses na ang ibig sabihin ay "muling pagsilang".
- Nakasentro ang buhay ng tao sa relihiyon
- Indibidwalismo ang binigyang pansin
- ang siyang nagbukas ng daan sa pagbabago sa larangan ng kalakalan at negosyo kaya umusbong ang rebolusyong komersyal na nagdulot ng mga pagbabago sa gawang pangekonomiya.

**Pagbagsak ng Constantinople ang** Asyanong teritoryona pinakamalapit sa Kontinente ng Europa

- nagsilbing rutang pangkalakalan mula Europa patungong India, China at ibang bahagi ng Silangan na napasa kamay ng mga Turkong Muslim noong 1453
- teritoryong madalas daanan noong panahon ng Krusada.
- sinakop ang Constantinople noong1453 at ang naging resulta ay ang ganap na pagkontrol ng mga Turkong Muslim sa mga ruta ng kalakalan mula sa Europa patungong Silangan mga Italyanong mangangalakal na taga Venice, Genoa, at Florence ang pinayagan ng mga Turkong Muslim na makadaan sa ruta.

**Merkantilismo**

- umiral ang prinsipyong pangekonomiya na kung may maraming ginto at pilak, may pagkakataon na maging mayaman at makapangyarihan ang isang bansa.

**PAGGALUGAD AT PAGTUKLAS NG MGA BANSANG KANLURANIN**

- Vasco da Gama nalibot niya ang "Cape of Good Hope" sa dulo ng Aprika na Siyang magbubukas ng ruta patungong India at sa mga Islang Indies.
- Portugal at Spain ang dalawang malaking bansa na may matinding tunggalian, upang maiwasan ang digmaan ng paligsahan namagitan ang Papa ng simbahang katoliko.
- 1494 - "line of demarcation" o hangganan kung saang bahagi ng mundo maggagalugad ang dalawang bansa
- Moluccas - Ito ang pinakamimithi na lugar na pinagkukunan ng mga rekado.

**PORTUGAL**

- Noong 1502 nagbalik at nagtatag si Vasco da Gama ng sentro ng kalakalan sa may Calicut sa India
- 1505 ipinadala si Francisco de Almeida bilang unang Viceroy sa silangan
- Sa pamumuno ni Alfonso de Albuquerque, 1510 nasakop ang Ormuz sa Golpo ng Persia (Iran ngayon). Diu at Goa sa India, Aden sa Red Sea,

Malacca sa Malaya at Moluccas sa Ternate, Macao sa China at sa Formosa (Taiwan ngayon)

- 1580 - sinakop ng Spain ang Portugal ng 60 taon
- makalaya ang Portugal -1640
- John Cabot, napasailalim ng Inglatera ang Nova Scotia Canada
- natalo ng Inglatera ang Spanish Armada noong 1588
- East India Company - naitatag ng Inglatera ang sentro ng kalakalan sa India.
- pagsakop ngCeylon, Malaya, at Singapore pati na rin ang Australia, New Zealand, at mga pulo sa Hilagang Pasipiko

**FRANCE**

- nakakuha rin ng teritoryo sa Quebec, Canada, Louisiana sa Amerika
- ika-18 siglo nasakop ng Pransiya ang Laos, Cochin China, Cambodia, at Annam.
- French East India Company na naitatag noong 1664
- Nakapatatag ang France ng pamayanang pangkomersyal sa Pondicherry, Chandarnagore, Mahe at Karikal
- labanan sa Plassey ng Pitong Taong Digmaan sa pagitan ng England at France
- Robert Clive, ang nagtatag ng tunay na pundasyon ng Ingles sa India

**KANLURANG ASYA**

- Noong 1507, nakuha ang Oman at Muscat ng mga mangangalakal na Portugues ngunit pinatalsik naman ng mga Arabe noong 1650.
- Noong 1907, ang Bahrain ay naging protectorate ng Britanya ngunit hindi rin nagtagal, pinatalsik ang mga British ng isang Heneral na si Shah Reza Pahlavi ang mga British.
- Ang Portugal, England at France ang mga bansang kanluranin na nakarating sa india**.**
- Sa pag-iral ng prinsipyong pang-eknomiyang merkantilismo, ang mga bansang kanluranin ay may iisang layunin sa pagpunta sa asya, ang masakop ng mga lupain.



## *Mga Gawaing Pampagkatuto*

### Gawain 1: DATA INFORMATION CHART

Pangkalahatang Panuto: Batay sa iyong pagbabasa at pag-unawa sa teksto, Punan ang talahanayan at isulat sa unang kulom ang mga bansang Europe na nanakop at sa ikalawang kolum ay ang mga bansang asyano na nasakop nila.


| Mga Bansang Europe | Mga Bansang Nasakop sa Asya |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |

Pamprosesong mga tanong

1. Anong mga bansa sa Asya ang nasakop ng mga Kanluranin?
2. Bakit hindi maagang nasakop ng mga Kanluranin ang kanlurang Aysa sa Unang yugto ng pananakop?
3. Bakit nagkaroon nag Line of Demarcation ang bansang Portugal at Spain?
4. Mahalaga ba ang unang yugto ng imperyalismo at kolonyalismo ng mga kanluranin sa Asya/ Sa mga Asyano?

Gawain 2: **Kompletuhin ang Pyramid**

Panuto: Gamit ang pyramid, isulat *ang DAHILAN, PARAAN, EPEKTO* na nagbunsod sa mga kanluranin na magtungo sa Asya. Pagkatapos ng pagtatala sagutan ang inihandang pamprosesong tanong sa ibaba.




Mga Pamprosesong tanong

1. Ano-ano ang mga dahilan upang magtungo ang kanuluranin sa asya?
2. Sa anong paraan napasok ng kanluranin ang Asya?
3. Nagkaroon ba ng magandang epekto ang pagtungo ng Kanluranin sa Asya? Bakit Oo? Bakit Hindi?
4. Paano nabago ang pamumuhay ng Asayno sa mga patakarang pinairal sa unang yugto ng imperyalismo at kolonyalismo. (para sa mga karagdagang impormasyon basahin ang AP7 p-196)
5. May maganda bang dinulot ang Kolonyalismo at Imperyalismo sa kasalukuyang panahon



## *Paglalahat / Repleksyon*

Gawain: Muling balikan ang mahahalagang teksto sa mga na unang Gawain. Pitasin sa mga tekstong ito ang mga mahalagang bagay na iyong natuklasan at natutunan sa Unang Yugto ng Kolonyalismo at Imperyalismo sa Timog at kanlurang Asya (Ika-16 hanggang Ika-17 Siglo).

| | | |
|---|---|---|
| 3 | 3 bagay na nakita ko | Natuklasan ko…<br>1. ____________________<br>2. ____________________<br>3. ____________________ |
| 2 | 2 interesadong bagay na natutunan ko | Natutunan ko ang…<br>1. ____________________<br>2. ____________________ |
| 1 | 1 bagay na nalilito ako | Kailangang matuto pa ako…<br>1. ____________________ |

**Karagdagang Gawain**

Discussion Web

Panuto: Basahin ang teksto sa taas, Suriin ang mga pamprosesong tanong at isulat ang sagot sa pamamagitan ng paggamit ng discussion web, itala ang inyong mga sagot dito.

| Oo | Dahilan | Hindi |
|---|---|---|
| | | |


**KONKLUSYON**

Mga tanong:

1.Ano ang Kolonyalismo at Imperyalismo?

2.Nakatulong ba ang mga patakarang pinairal sa mga bansang asayano?

3. Sino ang mas nakinabang ditto, ang mga Asyano ba o ang mga kanluranin?



## *Panapos na Pagtataya*

Panuto: Basahin at piliin ang tamang sagot sa bawat katanungan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Paano nagsimula ang ugnayan ng ng Europeo at ng mga Asyano?

    A. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng magandang alok sa mga europeo sa asayano.

    B. Sa pamamagitan ng palitan ng kalakal sa mga asyano at sa mga Europeong mangangalakal

    C. Sa pamamagitan ng pagbili ng kalakal ng mga europeo sa mga asyano

    D. Sa pamamagitan ng pagbubukas ng mga rutang pagkalakalan.

2. Bakit nagkaroon ng krusada sa 1096 hanggang 1273?

    A. Maraming europeong bansa ang naghangad na mangangalakal sa asya

    B. Napapansin ng mga bansang europeo ng masigla ang palitan ng kalakalan.

    C.Upang mabawi ang banal na lugar, ang Jerusalem sa Israel.

    D. Hangad ng mga Europeo na magkaroon ng ugnayan sa asyano

3. Sino ang italyanong adbenturerong mangangalakal na taga-venice?

A. Marco Polo B. Turkong Muslim C. Emperador Kublai khan D. Turkong Ottoman

4. Ano nag ibig sabihin ng salitang "Renaissance?

A. Muling pagkabuhay B. Maliwanag na pagkabuhay

C. Muling pagsilang D. Ang pagabablik

5. Ano ang pangunahing ginagamit ng manglalakbay upang malaman ang direksyon ng pupuntahan?

A. Orasan B. Astrobale C. Compass D. Radar

6. Ano ang dahilan bakit natigil ang ugnayan ng mangangalakal na asyano at europe?

A. Dahil sa krusada dahilan upang natigil ang ugnayan ng asyano at europeo.

B. Dahil sa pagbagsak ng constantinople

C. Dahil nasakop ng mga turkong muslim ang ruta ng kalakalan.

D. Nawalan ng puhunan ang mga mangangalakal.

7. Sino ang kilalang manlalakbay na nakatuklas at nakalibot sa "Cape of Good Hope" sa dulo ng africa na siyang nagbubukas patungong India at sa mga islang indies?

A. Marco Polo B. Vasco da Gama C. Turkong Muslim D. Zaragoza

8. Ano ang pangunahing dahilan upang magtalaga ng line of demarcation o Hangganan kung saang bahagi ng mundo maggagalugad ang dalawang bansang Portugal at spain

A. Upang tanging bansang Portugal lamang ang maaring dumaan sa rutang pangkalakalan

B. Upang maiwasan ang digmaan sa bansang Portugal at spain.

C. Ninais ng bansang Spain na sila lamang ang maaring tatanghaling pinakamahusay na bansa

D. Lahat ng nabanggit

9. Sa pag-iral ng prinsipyong pang-ekonomiyang merkantilismo, Ano ang pangunahing layunin ng bansang kanluranin sa pagpunta sa asya?

A. Upang masakop ang mga lupain sa bansang asya

B. Nais ng mga bansang kanluranin magkaroon ng maraming ari arian

C. Hangngad ng mga bansang kanluraning mapalawak ang kanilang pakikipagkalakalan sa ibang bansa.

D. Wala sa nabanggit

10. Ang mga ito ay mga bansang nakarating sa India, maliban sa?

A. Africa B. Portugal C. England D. France

# *Susi sa Pagwawasto*

## *Paunang pagtataya pagtataya*

1. B
2. B
3. B
4. A
5. D

## *Panapos na*

1. B
2. C
3. A
4. C
5. C
6. C
7. B
8. B
9. A
10. A

.

## *Sangguniang*


Asya Pag-Usbong ng Kabihasnan, Batayang Aklat sa Araling Panlipunan Ikalawang Taon., Grace Estela C. Mateo et. al.

Blando, Rosemarie C., Michael M. Mercado, Mark Alvin M. Cruz, Angelo C. Espiritu, Edna L. De Jesus, Asher H. Pasco, Rowel S. Padernal, Yorina C. Manalo, Kalenna Lorene S. Asis. 2014. Kasaysayan ng Daigdig: Araling Panlipunan 8 – Modyul ng magaaral. Pasig City, Philippines: Vibal Group Inc. and Department of EducationInstructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS).

James B. Minahan (2014). Ethnic Groups of North, East, and Central Asia: An Encyclopedia. Santa Barbara, California: ABC-CLIO. Margaret Kleffner Nydell. 2005. Understanding Arabs: A Guide for Modern Times. Boston: Intercultural Press..

| | |
|---|---|
| **Linggo 2** | **Nasusuri ang mga dahilan, paraan at epekto ng kolonyalismo at Imperyalismo ng mga Kanluranin sa unang yugto(ika-16 at ika-17 siglo) pagdating nila sa kanlurang asya.** |

Pangalan____________________________Pangkat:_________________________



## *Panimula*


Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto (**Learning Activity Sheets – LAS**) ay disenyo at sinulat para sa batang katulad mo na nasa ika-7 baitang upang masusuri ang kalagayan at bahaging ginagampanan ng kababaihan mula sa sinaunang kabihasnan at ikalabing-anim na siglo. Ang mga gawaing matatagpuan dito ay inaasahang makatutulong sa iyo upang mahasa ang iyong kaisipan sa mga sinaunang kababaihan.

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto ay naglalaman tungkol sa:

**Aralin 2**: Nasusuri ang mga salik, pangyayari at kahalagahan ng Nasyonalismo sa Pagbuo ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya

Pagkatapos ng mga gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

1. Matututuhan ang kahulugan at kahalagahan ng Nasyonalismo.
2. Makapagbigay ng mga salik at pangyayaring nagbigay-daan sa pag-usbong at pag-unlad ng nasyonalismo.
3. Mapapakita ang pagmamahal sa sariling bayan.



# *Panimulang Pagtataya*

**Gawain 1: Word Hunt**

Panuto: Alamin ang dalawang tangyag na Nasyonalista sa Asya at ang kanilang hindi malimutang mga pahayag para sa lipunan at sa bayan. Hanapin ito sa Puzzle box buohin ang pahayag at tukuyin kong sino ang nasyonalistang nagsabi nito.

| | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| L | E | A | N | G | Q | X | M | A | S | A | H | O | L | Q | T | S | N | G | R | L | Q |
| M | A | L | A | Y | A | Q | U | X | N | M | H | X | X | Q | X | A | B | F | G | U | V |
| I | M | X | A | R | M | A | S | X | N | O | I | C | S | W | S | P | N | U | J | M | O |
| A | N | G | P | U | W | E | R | S | A | I | N | H | O | A | Z | O | p | P | K | A | M |
| D | W | A | L | K | N | G | x | S | N | I | D | x | H | Z | N | O | k | N | L | L | X |
| A | Y | M | B | A | J | W | N | A | Q | T | I | A | V | U | M | T | T | R | O | A | V |
| H | T | Z | Q | Y | K | A | L | W | E | R | R | T | R | J | K | L | U | O | Y | B | K |
| N | Q | R | W | X | B | A | C | V | B | A | M | A | L | A | N | S | A | N | G | A | X |
| I | S | D | A | B | W | R | S | Y | K | T | M | A | G | M | A | H | A | L | R | N | E |
| O | L | W | Z | T | U | Y | G | N | G | W | A | L | A | N | G | B | N | M | O | P | Q |
| O | R | Z | A | Q | V | I | M | A | S | M | A | L | A | K | A | S | X | R | P | M | S |
| N | A | K | A | I | L | A | N | G | A | N | T | E | H | U | J | Y | F | O | I | T | Z |



## *Pagsusuri sa Teksto*

### Nasyonalismo sa Asya

Ang pananakop, pagpapasailalim sa kapangyarihan at pagsasamantala ng mga bansang kanluranin sa
mga bansang Asyano, ang nagbigay-daan sa pag-usbong ng nasyonalismo.

Ang **Nasyonalismo** ay damadaming makabayan na maipapakita sa matinding pagmamahal at
pagpapahalaga sa Inang-bayan, ayon sa aklat na *Kabihasnang Asyano (*SEDP Edisyon)

Ang nasyonalismo sa Asya ay may iba't iabang anyo tulad ng:

- Defensive Nationalism o Mapagtanggol na Nasyonalismo gaya ng ipinakita ng bansang Pilipinas
- Aggressive Nationalism o Mapusok na nasyonalismo na minsang gianwa ng bansang hapon


Pangunahing manipestasyon ng nasyonalismo ay pagkakaisa. Makikita ito sa pagtutulungan at pagkakabuklod-buklod ng mamamayan sa iisang kultura, saloobin, at hangarin.

Maituturing ding manipestasyon ng nasyonalismo ay pagmamahal at pagtangkilik ng mamayan sa mga produkto, ediya at kultura ng sariling bayan.

Naipakikita rin ang nasyonalismo sa pagiging makatuwiran at makatarungan.
Ang kahandaan ng isang tao na magtanggol at mamatay para sa kaniyang bayan ay maituturing na manipestasyon ng nasyonalismo.

Dahil sa hangarin ng mga Asyano na wakasan ang panghihimasok ng mga kanluraning bansa sa kanilang kinamulatang pamumuhay at makamtan ang kalayaan, maraming makabayang samahan ang naitatag sa asya. Ang mga samahang ito ay pinangunguhanan ng mga kabataang nakapag-aral.

### Pag-usbong ng Nasyonalismo sa Timog Asya:INDIA



**Mohandas Gandhi** ang nangunang lider nasyonalista sa India. Siya ang nagpakita ng mapayapang paraan, Layunin niyang matamo ang kalayaan ng india. Isa siyang Hindu na nakapag-aral. Nakilala siya sa kaniyang matahimik at mapayapang paraan o **non-violent means** ng pakikipaglaban.
Naniniwala siya sa ***ahimsa at satyagraha.***

Hinimok niya ang pagboykot ng mga Indian sa lahat ng produkto ng mga Ingles at sa lahat ng may kaugnayan sa Ingles. Idagdag parito ang hindi nila pagababayad ng buwis sa mga Ingles.

Sinimulan niya ang ***Civil Disobedience*** o hindi pagsunod sa pamahalaan. Naranasan ni Gandhi ang mahuli at makulong dahil sa pamumuno sa mga protesta. Nabaril at namatay si Mohandas Gandhi na hindi nagtagumpay na mapag-isa ang Hindu at Muslim sa isang bansa.

Mga Patakarang Hindi Angkop saKulturang India

- Pagpapatigil ng mga Ingles sa Suttee o sati
- Female Infanticide

Dahilan ng pakikipaglaban ng mga Indian

- Ang di-pantay na pagtingin sa kanilang lahi, dahilan upang magsagawa ang Pag-aalsa ng mga Sepoy.
- Hindi pantay na pagtrato sa sundalong Indian
- Malimit na mas matataas ang ranggo at suweldo ang binibigay sa mga sundalong Ingles kaysa mga sundalong Indian.
- Tumindi ang pagpapakita ng nasyonalismo ng mga Indian nang maganap ang Amritsar Massacre noon Abril 13,1919

***Suttee*** ang pagpapatiwakal ng mga biyudang babae at pagsama sa libing ng namatay na asawa.
***Rebelyong Sepoy*** ito ang pag-alsa ng mga Sepoy o Sundalong Indian sa mga Ingles Bilang pagtutol sa pagtatangi ng lahi o racial discrimination.
***Amritser Massacre*** maraming mamamayang Indian ang namatay sa isang selebrasyon dahil sa pamamaril ng mga sundalong Ingles. Sa Kaganapang ito ay namatay ang may 379 katao at mayroong halos 1,200 na katao ang nasugatan.

Agosto 15, 1947 nakamtan ng bansang India ang kalayaan galing sa pamamahala ng mga Ingles,na pinamumunoan ni Jawaharlal Nehru.

## Nasyonalismo sa Kanlurang Asya

Ang Nasyonalismo sa Kanlurang Asya ay hindi katulad ng Nasyonalismong naipakita ng mga bansa sa Timog. Karamihan sa mga bansa rito ay hawak ng dating malakas at matatag na Imperyong Ottoman, bago pa man masakop ng mga kanluraning bansa noong 1918. Bumagsak ang Imperyong Ottoman, ipatupad na sa mga bansang kanlurang Asya ang sestimang mandato.
Nagsumikapang ang mga bansang sa kanlurang bansa na Unti-unting makamtan ang kalayaan mula sa Imperyong Ottoman at kanluraning bansa.
Ang Nasyonalismo sa Kanlurang Asya ay pinasimulan ng mga Arabo, Iranian at mga Turko bago paman ang unang digmaang pandaigdig.

## Mga Bansang nakamit ang Kalayaan

- Kuwait ang isa sa mga bansa na unang lumaya sa kanlurang Asya noong 1759.
- Natamo naman ng bansang lebano ang kalayaan mula sa Imperyong ottoman noong 1770 at noong 1926 ito ay naging ganap na Republika sa ilalim ng Mandato ng bansang France.
- Turkey humingi ng kalayaan sa pamumuno ni Mustafa Kemal na nagsulong ng republika.
  Noong 1926 ito ay naging ganap na republika sa pamamagitan ng Kasunduang Lausanne noong 1923, naisilang ang Republika ng Turkey.

Taong 1926 ipinahayag ni Abdul ang sarili blang hari ng Al Hijaz, mataposniyang malipol ang lahat ng teritoryo at pinangalanan niya itong Saudi Arabia

***Sistemang Mandato*** nangangahulugan ito na ang isang bansa an naghahanda upang maging isang malaya at isang nagsasariling bansa ay ipasasailalim muna sapatnubay ng isang bansang Europeo(Mateo et.al..,,Aysa: Pag-usbong ng Kabihasnan)
***Holocaust*** ito ang sestimatiko at malawakang pagpatay ng mga German Nazi sa mga Jew o Israelite.
***Zionism*** Ito ang pag-uwi sa Palestine ng mga Jew mula sa Iba't ibang panig ng daigdig.



# *Mga Gawaing Pampagkatuto*

***Gawain 1.*** Reaksiyon Mo, Kailangan Ko!

May kilala kabang Nasyonalistang Filipino? Kung gayon inanyayahan kitang Pumili ng isa at kumuha ng kanyang pahayag at gumawa ka ng maikling sanaysay tungkol dito. Pagkatapos mong Gumawa ng maikling Sanaysay, sagutan ang mga pamprosesong tanong.

Gawing Gabay sa pagsulat ang Rubrics sa ibaba.

**Rubrics sa Pagsulat ng Sanaysay**

| Antas / Pamantayan | Kahanga-hanga (100-96) | Mahusay (95-88) | Magaling (87-80) | Pagbutihin pa (79- down) | Marka |
|---|---|---|---|---|---|
| **Nilalaman 40% (Kalinisan at Kahalagahan)** | Ang kalinisan ay nakita sa kabuuan ng sanaysay gayundin ang nilalaman ay makabuluhan | Ang nilalaman ng sanaysay ay makabuluhan at malinis | May kaunting bura sa sanaysay gayundin ang nilalaman ay hindi gaanong makabuluhan | Walang kabuluhan at kalinisang nakita sa sanaysay | |
| **Pagkamalikhain 30 % (Disenyo at kagamitan)** | Ang Kabuuan ng sanaysay ay makulay, masining at natatangi | Ang sanaysay ay masining at natatangi | Ilan sa mga salitang ginamit ay karaniwan na | Walang pagkamalikhaing nakita sa paggawa ng sanaysay | |
| **Istilo 20 % (Pagsulat)** | Ang ginamit na istilo ay malinaw, masining at nababasa | Ang istilo sda pagsulat ay malinaw at nababasa | Ilan sa mga salita ay hindi malinaw | Walang kalinawan at pagkamalikhain ang nakita | |
| **Tema 10 % (Kaisahan)** | Ang Kabuuan ng sanaysay ay may kaisahan at kaugnayan | Karamihan sa nilalaman ay kaugnay sa tema | Ilan sa nilalaman ay hindi kaugnay sa tema | Walang kaisahan at kaugnayan sa tema ang nilalaman | |
| | | | | Kabuuan:____________ | |

Pamprosesong mga tanong

1. Anong ang kahulugan ng Nasyonalismo?
2. Mahalaga ba ang pagiging Nasyonalismo? Ou bakit? Hindi Bakit?

Gawain: 2 **Kompletuhin ang Data Retrieval Chart**

Panuto: Lagyan ng tamang impormasyon ang bawat kolumn ng Data Retrieval Chart. Maaring basahin ulit ang teksto para sa malalim na pagsagot sa chart.

**Nasyonalismo sa Pagbuo ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya**

| Rehiyon | Bansa | Salik ng Pagpapakita ng Nasyonalismo | Paraang ginamit para matamo ang kalayaan | Manipestasyon ng Nasyonalismo | Epekto sa mga Bansang Asyano |
|---|---|---|---|---|---|
| TIMOG ASYA | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| KANLURANG ASYA | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |

Pamprosesong Tanong

1. Ano-ano ang mga salik ng pagpapakita ng pagiging Nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya?
2. Ano-ano ang ang anyo at Manipestasyon ng nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya?
3. Nakabuti ba o hindi sa pamumuhay ng mga tao at bansa sa Timog at Kanlurang Asya ang pagpapakita ng damdaming nasyonalismo? Patunayan.

Gawain 3: ***Sagot ko Itula ko!***

Bilang mag-aaral paano mo maipapakita ang pagiging Nasyonalismo sa iyong Bayan?

Isulat ang iyong sagot sa Pamamagitan ng pagbuo ng Maikling Tula.

Maaring gawing gabay ang Rubrics sa pagsulat ng maikling Tula.

**RUBRICS PARA SA TULA**

| Napakagaling (10) | Magaling (8) | Katamtaman (6) | Nangangailangan ng pagsasanay (4) |
|---|---|---|---|
| Napakalalim at makahulugan ang kabuuan ng tula. | Malalim at makahulugan ang kabuuan ng tula. | Bahagyang may lalim ang kabuuan ng tula. | Mababaw at literal ang kabuuan ng tula. |
| Gumamit ng simbolismo/ pahiwatig na nakapagpaisip sa mga mambabasa. Piling-pili ang mga salita at pariralang ginamit. | Gumamit ng ilang simbolismo/ pahiwatig na bahagyang nagpaisip sa mga mambabasa. May ilang piling salita at pariralang ginamit. | Gumamit ng 1-2 simbolismo na nakalito sa mga mambabasa. Ang mga salita ay di-gaanong pili. | Wala ni isang pagtatangkang ginawa upang makagamit ng simbolismo. |
| Gumamit ng napakahusay at angkop na angkop na sukat at tugma. | May mga sukat at tugma ngunit may bahagyang inkonsistensi. | May pagtatangkang gumamit ng sukat at tugma ngunit halos inkonsistent lahat. | Walang sukat at tugma kung may naisulat man. |



## *Paglalahat / Repleksyon*

Gawain: Muling balikan ang mahahalagang teksto sa mga na unang Gawain. Pitasin sa mga tekstong ito ang mga mahalagang bagay na iyong natuklasan at natutunan sa mga salik, pangyayari at kahalagahan ng Nasyonalismo sa Pagbuo ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya

**3** — 3 bagay na nakita ko

Natuklasan ko…
4. ____________________________________
5. ____________________________________
6. ____________________________________

**2** — 2 interesadong bagay na natutunan ko

Natutunan ko ang…
3. ____________________________________
4. ____________________________________

**1** — 1 bagay na nalilito ako

Kailangang matuto pa ako…
2. ____________________________________



# *Panapos na Pagtataya*

Panuto: Basahin at piliin ang tamang sagot sa bawat katanungan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang pangunahing Manipestasyon ng Nasyonalismo?
   A. pagkakaroon ng kalakalan sa mga bansang mayayaman
   B. pagkakaroon ng pagkakaisa
   C. pagkakaroon ng parehong pananampalataya
   D. Lahat ng nabanggit
2. Ano ang pangunahaing manipestasyon ng nasyonalismo?
   A. Pagpapakita ng suporta sa lahat ng artistang kasapi sa BTS/ K-POP
   B. Pagpapakita ng pagsusuot ng Barong at Baro't Sya
   C. Pagpapakita ng Pagmamahal at pagtangkilik ng mamamayan sa produkto, ideya at kultura ng sariling bayan
   D. Pagpapakita ng pagsayaw ng tradisyonal na sayaw.
3. Kailan masasabi na ang tao ay nasa defensive nationalism na anyo?
   A. Mapagtanggol B. Handang lumaban C. May Paninindigan D. Tapat sa Bayan
4. Ito ay damdaming makabayan na maipapakita sa matinding pagmamahal at pagpapahalaga sa Inang-bayan.
   A. Kabayanihan B. Katapangan
   C. Nasyonalismo D.Pagmamahal
5. Sino ang kilala sa tahimik at mapayapang paraan ng pakikipaglaban?
   A. Gabriela Silang C. Mohandas Gandhi
   B.Dr. Jose Rizal D.Andres Bonifacio
6. Ang mga ito ay mga dahilan ng pagkikipaglaban ng mga Indian sa mga Ingles, maliban sa?
   A. Dahil sa ipinakitang pagmamahal nito sa mga sundalong Indian.
   B. Dahil sa hindi pantay na pagtingin nito sa kanilang lahi
   C. Pagpapatigil ng mga Ingles sa Suttee.
   D. Malimit na mas Malaki ang suweldo ng sundalong Ingles kaysa mga sundalong Indian.
7. Bakit mas tumindi ang pagpapakita ng Nasyonalismo ng mga Indian sa mga Ingles?
   A. Dahil sa pagbigay nito ng pantay-pantay na karapatan
   B. Dahil sa naganap na Amritser Massacre noong Abril 13, 1919
   C. Dahil pagkakulong ng kanilang Lider na si Mohandas Gandhi
   D. Wala sa nabanggit
8. Ano ang ibig sabihin ng Rebelyong Sepoy?
   A. Ang pagbibigay ng permanenting kaparusahan mga lumabag sa batas ng Indian.
   B. Pag-aalsa ng mga sundalong Indian laban laban sa mga Ingles bilang pagtutol sa pagtatangi ng lahi o racial discrimination.
   C. Pag-aalsa ng mga sundalong Ingles laban sa sundalong Indian sa hindipagsunod nito sa mga patakaran.
   D. Lahat ng nabanggit
9. Ano ang pangunahing Layunin ni Mohandas Gandhi sa kanyang tahimik o nonviolent na pakikipaglaban sa bansang nagpapahirap sa india?
   A. Magkaroon ng Kalayaan ang Bansang India sa kamay ng mga Ingles.
   B. Nais ni Mohandas Gandhi na tatanghalin siya bialang pinuno ng taga india
   C. Hangngad ni Mohandas Gandhi na pagsilbihan ang mamamayang indiano.
   D. Wala sa nabanggit
10. Sa iyong palagay nagtagumpay kaya si Mohandas Gandhi na mapag-isa ang Hindu at Muslim sa isang bansa?

A. Hindi, dahil nabaril at namatay si Mohandas Gandhi ng hindi napag-isa ang hindu at muslim sa isang bansa .
B. Oo, dahil nasimulan ni Mohandas Gandhi ang Civil Disobedience, sapamamagitang ng pamumuno niti sa mga protesta.
C. Hindi, dahil may sariling paninindigan ang mga Hindu at Muslim
D. Lahat ng Nabanggit.

## *Susi sa Pagwawasto*

Paunang Pagtataya (any order)

1. Ang
2. Hindi
3. Marunong
